# Ligtas na ipagdiwang ang Diwali!

***Ibinabahagi ng Lungsod ng Brampton ang mga pangkaligtasang tip at gabay***

BRAMPTON, ON (Oktubre 21, 2021) – Pinapaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahalagahan ng pagiging ligtas habang gumagamit ng fireworks sa Diwali sa Nobyembre 4. Marami sa komunidad ang magdidiriwang din ng Bandi Chhor Diwas sa petsang ito.

Kung pipiliin ng mga residente na magtipon-tipon outdoor kasama ang mga kaibigan at pamilya, hinihiling sa kanila na mangyaring panatilihing una sa isip ang kalusugan at kaligtasan. Panatilihing ligtas ang mga mahal sa buhay at ang komunidad. Ugaliin ang mabuting kalinisan, paglayo mula sa iba at manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.

**Kaligtasan sa mga Firework**
Ang Diwali ay isa sa apat na holiday kada taon nang ang mga firework na short-range ay pinapayagan sa pribadong propyedad sa Brampton, nang hindi na kailangan ang permit. Sa ilalim ng ordinansa, pinapayagan din ang mga firework sa Victoria Day, Canada Day at Bisperas ng Bagong Taon.

Ang mga firework na short-range ay ang mga firework na bibiyahe na mas mababa sa tatlong metro (10 piye) kapag i-set off (hal., mga fountain, gulong, ground spinner, sparkler). Iyan ay tinatayang taas ng isang Brampton Transit bus o isang basketball ring.
Ang lahat ng iba pang mga firework na parang rocket ay ipinagbabawal sa Brampton. Pinapaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na hindi pinapayagan ang mga firework sa kalye, mga bangketa, sa loob ng mga parke ng Lungsod o sa mga propyedad ng munisipyo o paaralan.

Kapag gumagamit ng mga firework na short-range sa pribadong propyedad, kailangang sundin ng mga residente ang mga pangkaligtasang pag-iingat na ito:

- Punuin ng tubig ang isang sisidlan ng tubig o isang host line na magagamit para apulain ang mga firework.
- Huwag na huwag sindihan ang firework o hawakan ang sinindihang firework sa iyong kamay, maliban sa sparkler.
- Huwag na huwag itapon o itutok ang fireworks sa ibang mga tao.
- Matapos gamitin ang mga sparkler, ilagay ang mga ito sa isang lalagyan ng tubig para ganap na palamigin bago itapon.
- Hayaang ganap na lumamig ang lahat ng firework bago itapon.
  - .

Ang isang talaan ng rehistradong mga retailer ng mga firework sa Brampton ay magiging available sa website ng Lungsod. Inirerekumenda namin na bilhin ang mga firework mula sa lisensyadong mga retailer.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan at mga ordinansa sa firework, bisitahin ang www.brampton.ca/fireworks.

-30-

**KONTAK NG MEDIA:**

BRAMPTON Service and Information Update

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na KomunikasyonLungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca